

# CHAPTER ONE

**M**alakas ang buhos ng ulan sa bayan ng San Felipe. Halos walang patlang ang pagbagsak niyon na sinasabayan pa ng pabugsu-bugsong hagupit ng hangin.

“Ayun! 'Ayun sila! Tayo na't puntahan natin!” sigaw ng mga tinig na kababakasan ng pagkabalisa.

Ang tinutukoy nila ay ang dalawang taong nasa gitna ng rumaragasang ilog—isang babae at isang batang mga siyam na taon ang gulang.

“Dali!” Sindak na napasigaw ang isa sa mga sumasaklolo. Naaninag nito na lumubog-lumitaw sa nag-aalimpuyong tubig ang dalawa.

Binilisan nila ang pagsagwan. Kailangang maabutan nila ang dalawa bago lumubog at tuluyang malunod ang mga ito.

“Bilis, kapit!” utos nila sa batang lumubog-lumitaw sa ilog. Mahigpit itong hinawakan ng isang lalaki sa braso at inihango buhat sa tubig.

“Yung isa? Nasaan 'yung isa?” natatarantang tanong ng kasama nito.

Hinanap nila ang babae. Nagtagal sila sa ilog sa

kabila ng panganib sa sarili nilang kaligtasan pero hindi na nila ito makita. Lalo pang lumalakas ang ulan. Dahilan iyon para mas lalong lumaki ang ilog at bumilis ang pag-agos ng tubig.

“Bumalik na tayo! Baka pati tayo’y malunod na!” pasya ng isa sa mga lalaki.

Walang nagawa ang mga kasama nito kundi sumang-ayon na rin. Wala na silang magagawa.

Hustong narating nila ang pampang nang humaharurot na dumating ang *Pajero* na pag-aari ng mga Vinales. Bumaba si Noel na sinalubong ng isa pang kasamahan ng mga lalaki; ibinalita sa bagong dating kung ano ang nangyari.

“Si Geraldine? Nasaan si Geraldine?” saklot ng pangambang tanong ni Noel sa dalawang lalaki nang makalapit na ang mga ito sa pampang.

“Hindi na namin siya naabutan. Hindi namin siya makita,” nagmamadaling salaysay ng isa. Gusto nitong ipaintindi sa lalaki na ginawa nilang lahat ang kanilang makakaya para sagipin ang asawa nito.

“Sinagip po niya ako. Kung di sa kanya’y nalunod na siguro ako. Kaya lang... kaya lang nakabitaw ako sa kanya nang bigla kaming humampas sa bato.... T-tinangay siya ng agos,” sabi ng humihikbing batang karga pa ng isa sa mga lalaki.

“Hindi maaari! Hahanapin ko siya,” giit ni Noel at umakma siyang sasakay sa bangka.

“Huwag po! Mapapahamak kayo. Masyado nang malaki ang ilog,” pigil ng isa.

“Pero si Geraldine.... Kailangang puntahan ko siya.” Umigkas siya at sapilitang tinungo ang bangka. Itinulak niya iyon palusong sa ilog at saka siya sumakay.

Hindi pa siya gaanong nakakalayo sa pampang ay itinaob na iyon ng nag-uulol na alon. Pinilit niya iyong ayusin pero sa isang bayo lang ng tubig ay natangay iyon sa malayo.

“Geraldine! Geraldine!” paulit-ulit niyang sigaw. Hindi siya makapaniwala sa nangyayari. Hindi puwedeng malunod ang pinakamamahal niyang asawa.

Naramdaman niyang may humawak sa kanya, pilit siyang dinadala sa gawing mababaw.

“Wala nang makakatulong sa kanya. Ipanalangin na lang natin ang kaligtasan niya,” anang isang lalaki.

*GERALDINE... Geraldine... Geraldine...!*

Umaalingawngaw ang pangalang iyon sa pandinig ni Noel. Pinupuno niyon ang paligid hanggang sa hindi na niya makayanan ang

pagkatulig ng kanyang tainga.

“Huh!” Napabalikwas siya. Basang-basa ng pawis ang t-shirt niyang pantulog. Lamig na lamig siya, nangangatal at mabilis ang sikdo ng dibdib na parang may panganib siyang sinuong.

Nababalisa at parang wala pa sa sariling sinuyod ng mga mata niya ang kadiliman. Nang makalipas ang ilang sandali ay saka lang niya namalayang nasa silid pala siya. At ang pangyayaring kanyang napanaginipan ay lagpas dalawang taon nang nakakalipas.

Lagpas dalawang taon na rin ang nagdaraan mula nang mawala sa kanya si Geraldine. Maraming beses na niyang napapanaginipan ang pangyayaring iyon at sa tuwina ay napupuno siya ng galit sa sarili.

Ni hindi niya nakuhang iligtas ang asawa. Mas inuna niya pa ang mga alaga nilang baka, kabayo, kambing at kung anu-ano pa kaysa rito.

Mabigat na mabigat ang kalooban, napasulyap siya sa mesitang nasa tabi ng kanyang kama. Mula sa liwanag na dulot ng bilog na buwan ay malinaw niyang namalas ang larawang nakakuwadro roon. Larawan nila iyon ni Geraldine nang sila ay ikasal.

Inabot niya iyon at pinagmasdan. Hinahaplos ng hintuturo niya ang anyo ng pumanaw na kabiyak

nang mapatakan ng luha ang kanyang daliri. Umiiyak na naman siya.

Lingid sa lahat, paminsan-minsan ay tinatangisan pa rin niya ang pagkamatay ng kabiyak.

Pinahid niya ng isang kamay ang kanyang luha. Huminga siya nang malalim hanggang sa makuha niyang kalmahin ang sarili.

Kalmante na siya nang maramdaman na naman niya ang nakakapangiligkig na lamig. Hindi iyon ordinaryong ginaw; para iyong nanunuot sa kanyang pagkatao, waring nananalaytay sa bawat hibla ng kanyang laman.

Nanayo ang kanyang balahibo. Parang lumaki at namilog ang kanyang ulo. Maalinsangan ang gabi pero biglang umihip ang malakas na hangin. Nakalas pa sa pagkakasukbit sa gilid ng bintana ang mga kurtina.

Tumayo si Noel at tumunghay sa labas ng bintana. Nakapagtatakang ni hindi gumagalaw ang mga dahon ng punong mangga samantalang ang hangin sa loob ng silid ay ikinalat na ang ilang papel na naiwang nakapatong sa mesita.

“Gerry...” bulong niya sa kadiliman. Iyon ang patuksong itinawag niya sa asawa nang makilala ito sa kaisa-isang pagtitipong dinaluhan niya sa Maynila.

Sabi niya rito ay mas bagay iyon kaysa sa 'Dindi' na siyang tawag ng lahat ng mga nakakakilala kay Geraldine.

Nang maging magkasintahan sila hanggang sa sila ay makasal, iyon na ang naging espesyal na palayaw niya rito. 'Gerry' ang itinatawag niya kay Geraldine kapag nagkakaasarilinan sila at gusto niya itong lambingin.

Wala nang patlang ang kanina ay pabugsu-bugso lang na ihip ng hangin. Lalo iyong lumakas. Natumba ang ilan sa mga figurine na nakahilera sa ibabaw ng isang cabinet. Pero sa labas ay wala pa ring kagalaw-galaw ang mga dahon at sanga ng mga halaman at puno.

Napapikit si Noel sa paglalaro ng malamig na hangin sa kanyang katawan. "Patawarin mo ako, Gerry. Mahal na mahal pa rin kita," usal niya.

Ilang sandaling nag-alimpuyo ang hangin, pagkuwa'y dahan-dahan iyong humina hanggang sa tuluyan nang manahimik.

Humiga siya kahit alam niyang hindi na siya makakatulog. Pinalipas niya ang magdamag sa pag-iisip sa namatay na asawa. Totoo nga kayang may mensahe iyong ibig iparating sa kanya kagaya ng ipinipilit ng mga nakakaalam ng mga di-

pangkaraniwang pangyayari? Parang hindi niya matanggap na ang isang pumanaw na ay maaari pang makipag-ugnayan sa mga taong buhay pa. Pero bakit parati niyang nadarama ang presence ni Geraldine?

SAMANTALA, sa Maynila, nasa isang abandonadong apartment si Gia nang mga sandaling iyon. Kasama niya ang ilang kakilalang nag-imbita sa kanyang sumali sa pakikipag-usap sa di-matahimik na kaluluwa.

Nang nasa kolehiyo pa siya ay naging miyembro siya ng samahang ang layunin ay palawigin ang kanilang kaalaman sa mga supernatural na pangyayari; mga bagay na hindi maipaliwanag ng siyensya. Kaugnay na rito ang tungkol sa mga kaluluwa, lalo na iyong mga kaluluwang bilanggo ng daigdig ng mga buhay. Mga kaluluwang sa hindi malamang dahilan ay hindi malisan ang dating mundong kanilang kinabibilangan. Pakay ng grupo nilang tulungan ang mga ito na makarating sa kanilang akmang paroroonan. Sa ganoong paraan din ay nakakatulong sila sa naiwang mahal sa buhay ng mga yumao.

“Isa ka sa mga nakilala kong magandang gawing

medium o tagapamagitan sa mga kaluluwa,” anang namumuno sa kanila noon. Open channel daw siya at madaling makapag-tune in sa vibration ng mga nilalang na nasa iba nang dimension.

Malaki raw ang kanyang naitutulong dahil doon. Kaya kahit hindi na siya nakadadalo sa mga pulong at misyon ng orihinal na samahang sinalihan niya, sumasama naman siya sa iba pang mga grupong may layunin na kagaya niyon.

Kagaya nang sandaling iyon.

Matagal nang walang nakatira sa apartment 361-B. Walang nangungupahang makakatiis sa mga nakapangingilabot na pangyayari roon. Samu't sari na ang mga kuwento—may mga yabag daw na naririnig tuwing malalim na ang gabi; bumubukas-sara ang mga pinto at bintana maski walang gumagalaw sa mga iyon; namamatay nang kusa ang mga ilaw. Minsan nga raw ay may nakikita pang anyo ng babaeng nakasuot ng puting pantulog. Lumulutang itong naglalandas sa mga dingding ng bahay.

“Gusto ko lang malaman kung may magagawa ako para matigil na ang mga nangyayari,” sabi ng may-ari sa magkakatabing apartments. Iyon ang rason kaya nito inanyayahan ang grupo nina Gia



roon.

Nang sandaling iyon nga ay pabilog silang nakatayo sa loob ng madilim at napakalamig na apartment. Nagsindi sila ng kandila at matapos ang ilang ritwal na magbibigay ng proteksyon sa kanila ay pumikit sila at pinakiramdaman ang kakaibang presence na naroon.

“Nandito siya,” usal ni Gia. “Babae; maikli ang buhok. Nanonood siya sa atin at nagtataka kung ano ang ginagawa natin.”

“Subukan mo siyang kausapin. Alamin natin kung bakit nandito pa siya hanggang ngayon,” sabi ni Mr. Romeo, ang pinuno ng grupo.

Pinilit ni Gia na mag-relax nang sa gayon ay mas mabuksan ang kanyang sarili sa kaluluwang nakikita niya. “Biglaan ang kanyang pagkakasakit,” pagkuwa’y simula niya. “Nang matuklasan na may cancer siya’y malala na iyon. Kulang-kulang isang buwan lang ang lumipas at namatay na siya.”

Habang nakikinig siya sa mental na pakikipag-usap ng kaluluwa ay isinasalaysay niya iyon sa mga kasama. “Sa bahay na ito siya namatay. Ayaw pa niya. Marami pa siyang plano sa buhay.”

Natahimik siya. Damang-dama niya ang kalungkutan ng babae.

“Sabihin mo sa kanyang may mas maganda pang lugar na naghihintay sa kanya,” utos ni Mr. Romeo. “Hindi ‘ika mo sa mundong ito nagtatapos ang lahat para sa kanya.”

Sinabi nga niya iyon. Pilit niyang ipinaintindi kung saan dapat tumungo ang babae. Pagkuwa’y napangiti siya. “Hindi raw niya alam iyon. Sa kanyang obsession sa mga pangarap niya rito’y di niya maunawaan kung saan siya dapat tumuloy. Ngayon ay alam na niya,” salaysay niya. “Sige, sundan mo ang liwanag. Ganyan nga... ganyan nga...” patuloy niya pero sa pagkakataong iyon ay hindi na ang mga kasama ang kanyang kinakausap.

Banayad na umihip ang hangin. Pinaligiran niyon ang bawat miyembro ng grupo, pinaglaruan ang aandap-andap na liwanag ng kandilang nakatirik sa gitna ng bilog at saka iyon biglang tumigil.

“Wala na siya. Pero bago siya umalis ay ipinarating niya ang kanyang pasasalamat,” sabi ni Gia.

Nagbukas silang lahat ng mga mata. Kaagad nilang napuna na wala na ang kakatwa at nakakapangilabot na lamig na nananahan sa paligid. Nararamdaman na nila ang kaalinsanganan ng gabi.

Pinatay nila ang kandilang kanilang sinindihan sa

gitna ng kanilang bilog.

“That’s it,” baling ni Mr. Romeo kay Vicky, isang mamamahayag na nakiusap na sumama sa kanila.

“Incredible!” anito na napapailing. “Pero bakit isa lang ang nakipag-usap sa kanya?”

“Si Gia kasi ang pinakabukas sa amin kaya kalimita’y siya ang ipinapakausap namin sa mga kaluluwa. May isa pa rin kaming kasapi na katulad niya pero wala siya ngayon. Temporarily ay ipinadala siya ng boss niya sa Cebu para ayusin ang ilang problema sa kompanya,” paliwanag ni Mr. Romeo.

“So this ghost hunting is not your full-time occupation?” tanong ni Vicky.

“Naku, hindi. Wala naman kaming perang tinatanggap sa ginagawa naming ito. Our aim is simply to help lost souls, as well as the loved ones they’ve left behind. Lahat kami’y may kanya-kanyang mga trabaho. We do this in our free time.”

Habang nagsasalita si Mr. Romeo ay patuloy naman ang andar ng tape recorder ng mamamahayag. Inutusan si Vicky ng editor nito na magsulat ng tungkol sa mga supernatural na pangyayari kaya nito naisipang sumama sa pagtitipong iyon at itala ang lahat ng nakita.

Matapos ang ilang sandali ay nagsilulan na ang

lahat sa kanilang mga sasakyan at iniwan na ang apartment 361-B na bagaman nababalot pa rin ng kadiliman ay hindi na nakakapangilabot masdan.

## CHAPTER TWO

“*D*i ka na naman nakatulog kagabi, ano?”  
puna ni Mrs. Vinares sa anak nang sila ay magkasalo sa almusal. Kapansin-pansin ang pangangalumata ni Noel pati na pamumutla nito sanhi ng madalas na pagkapuyat.

“M-medyo.”

“Bakit? Ano na naman ang nangyari?”

“W-wala, Ma.”

“Huwag kang magkaila. Alam kong may nangyari na naman kagabi.” Hindi na lingid kay Mrs. Vinares ang mga di-maipaliwanag na mga pangyayari sa bahay na iyon simula nang mamatay si Geraldine. Wala pang personal experience ang matanda tungkol doon pero madalas itong kuwentuhan ng mga nagiging bisita nila pati na ng mga katulong.

“Wala nga,” giit ni Noel. “Malakas lang ang hangin kagabi kaya nabubulabog ako ng pagkalampag ng mga saradong pinto’t bintana. Sabi ko naman sa inyo, may logical na paliwanag ang lahat ng mga nagaganap.” Ayaw niyang tanggapin na multo ng asawa ang may kagagawan ng mga

pangyayari.

“Hangin? Anong hangin ang pinagsasabi mo? Napakainit kagabi, ah,” kontra nito. “Hijo naman kasi, maniwala ka sa ‘kin. May gustong sabihin sa ‘yo si Geraldine kaya parati siyang nagpaparamdam.”

May bahid ng karahasan ang pagbababa ng lalaki sa tangang kubyertos. Kumalansing ang mga iyon sa kanyang pinggan. “Ma, pati ba naman kayo?” sita niya. “Bakit noong si Papa ang mamatay, kahit minsan ay hindi siya nagparamdam sa ‘tin?”

Nanatiling tahimik ang ina niya.

“Isa lang ang eksplanasyon,” patuloy niya. “Ang taong patay na’y wala na sa mundong ito. Ganoon si Papa. Ganoon din si Geraldine.”

“Iba ang papa mo. Namatay siya nang matiwasay, hindi biglaan. Hindi katulad ni Geraldine.”

“Ma, napapagod na ‘ko sa diskusyong ‘to.”

“Gusto ko lang matigil na ang mga nangyayari rito, Hijo. Ilang manghuhula na ang nakausap ko’t iisa ang sinasabi nila. Hindi matahimik sa kabilang buhay si Geraldine kaya hanggang ngayo’y nandito pa rin siya. May kailangan siya sa ‘tin, lalung-lalo na siguro sa ‘yo at dapat mong malaman kung ano ‘yon para mapayapa na ang kaluluwa niya.”

“Huwag n’yo ngang paniwalaan ang sinasabi

ng mga manghuhula! Wala lang silang magawa sa buhay kaya kaligayahan na nilang linlangin ang mga taong tanga. Hindi rin nakakatulong ang perang natatanggap nila.”

“Ay, bahala ka na nga! Que maniwala ka o hindi, alam ko, kailangang maiparating sa ‘yo ni Geraldine kung ano ang kailangan niya kung di’y hindi siya matatahimik.”

Sa puntong iyon ay hindi na nakayanan ni Noel ang tema ng usapan. Tumayo na siya. “Pasensya na kayo, Ma, pero mauuna na ‘ko. Hindi pala ako nagugutom,” aniya at umalis na.

Napailing na lang si Mrs. Vinares habang minamasdan ang papalayong anak. Gustung-gusto na niyang malaman kung ano ang dahilan kung bakit maya’t maya ay nagpaparamdam ang namatay na manugang. Ang katahimikan ni Geraldine sa kabilang buhay ay mangangahulugan na rin ng katahimikan ng puso at isipan ni Noel.

Alam niyang labag sa kalooban ng anak ang pakikipag-ugnayan niya sa mga medium pero pinaplano niyang kausapin si Manang Irena, isang espiritistang nakatira sa kabilang bayan.

Minadali niya ang pagkain para makaalis na.

MADILIM ANG KABAHAYAN nang dumating si Noel kinagabihan. Mula pa sa bakuran ay natanaw na niyang walang liwanag na nagmumula sa mga bintana. Kinabahan siya, nag-alalang baka may nangyaring hindi maganda habang wala siya.

Malalaki ang hakbang na inakyat niya ang ilang baitang ng patio at saka niya binuksan ang pinto.

Inaapuhap na niya ang switch ng mga ilaw nang marinig niyang magsalita ang ina.

“Huwag mong sisindihan iyan.”

Nang makapasok siya nang tuluyan sa bahay ay saka niya natuklasang nakaupo sa paligid ng pabilog nilang mesa si Mrs. Vinares kasama ang ilang kakilala at ang isang babaeng mukhang nawawala sa sarili o di kaya ay matindi ang ilusyon sa buhay.

Nakasuot ng bandana ang nasabing babae. Malalaki ang bilog na hikaw na nakabitin sa mga tainga nito. Marami ring kuwintas na gawa sa puka shells ang nakasabit sa leeg nito. Katerno niyon ang suot na mga pulseras na sa dami ay halos umabot na sa siko nito.

“Brownout ba?” sarkastikong tanong ni Noel nang mapadako ang paningin niya sa ilang kandilang nakasindi sa gitna ng mesa.

“Huwag kang magtawa, Ginoo. Para sa



kapakanan mo ang ginagawa namin," sabi ng babae.

"Hijo, pinuntahan ko itong si Manang Irena na taga-San Serafin. Marami na 'kong naririnig tungkol sa kanya," paliwanag ni Mrs. Vinares.

Napasinghot ang lalaki, tanda ng pagkainis. "Sabi ko naman ho na ayaw ko nang—"

"Pagbigyan mo na kami," sabi ng isa sa mga nakapaligid sa mesa.

Noon lang napansin ni Noel si Mrs. Paredes, ina ni Geraldine. "Nandito ho pala kayo," sabi niya rito. Malayu-layo rin ang bahay ng mga Paredes sa kanila kaya nagulat siya nang makita ng biyenan.

"Ipinasundo ako ng mama mo. Nang sabihin niya ang binabalak niya'y di ko makuhang tumanggi. Alam mo namang gagawin ko ang lahat para sa ikatatahimik ng anak ko." Bahagyang nabasag ang tinig ni Mrs. Paredes.

Humugot siya ng malalim na hininga. Sa anyo ng biyenan, parang napakawalang-puso na niya kung pipigilan pa rin niya ang balak gawin ng mga natitipon sa kanilang bahay. "Sige ho, bahala na kayo sa mga gagawin n'yo," sabi niya at nagsimula nang maglakad pagawi sa kanyang silid.

"Kailangang samahan mo kami," pigil sa kanya ni Manang Irena. "Mahalaga ang presence mo dahil

hula ko'y para sa iyo ang mensahe ni Geraldine. Kailangang sumali ka't maniwala."

Napatiim-bagang si Noel. Handa na siyang tumutol nang maalala si Mrs. Paredes. Sinikil na lang niya ang pagkabugnot at umupo sa natitirang bakanteng silya sa bilog na mesa.

MALAPIT NANG MAPUNO SI NOEL. Mag-iisang oras na silang nakapikit pero wala pa ring nangyayari. Nanlalagkit na ang kanyang mga palad na mahigpit na hinahawakan ng magkabilang katabi niya.

"Geraldine, iniimbitahan ka namin. Saluhan mo kami," paulit-ulit na usal ni Manang Irena pero wala pa ring nangyayari.

"Tama na nga. Pagod na ako," singhal ni Noel. Bibitaw na sana siya sa mga kakapit-kamay nang...

"Teka!" pasigaw na utos ni Manang Irena.

"Nararamdaman ko, nandito na siya. Geraldine, halika... halikaaa," usal nito. Paulit-ulit na naman.

Humiging si Manang Irena; nanaghoy, nanginig ang katawan. Hanggang sa...

"Nandito na siya," sabi nito.

"Geraldine, Anak! Totoo nga ba?" mangiyakngiyak na tanong ni Mrs. Paredes.

“Oo.” Si Manang Irena ang sumagot pero iba ang tinig nito. Paos. Parang nanggagaling sa ilalim ng lupa.

“Anak, bakit hindi ka matahimik? May gusto ka bang sabihin sa ‘min?”

“Kay Noel.... May gusto akong iparating sa asawa ko....”

“Ano’ng gusto mong sabihin?” tanong ni Noel sa tinig na halatang nakikisakay lang.

“Bakit ayaw mong maniwalang kasama mo pa ‘ko? Maniwala ka. Maniwala ka, mahal ko. Nandito ako. Nandito si Dindin mo....”

“Dindin, ikaw nga ba?” anang lalaki.

“Oo, Mahal, ako nga.”

“Ikaw nga ba si Dindin?” ulit niya.

“Oo, ito si Dindin. Mahal na mahal kita. Huwag na huwag mo sana akong kakalimutan.”

Biglang bumitaw sa mga kahawak-kamay si Noel at padabog na tumayo.

Suminghal naman si Manang Irena. “Nawala na siya. Ikaw kasi, eh! Bakit ka ba biglang bumitaw? Di ba kabilin-bilinan ko—”

“Mama, magkano ang hinihinging bayad ng Manang Irena na ‘to?” biglang tanong niya.

“Aba... eh... w-wala,” natatarantang sagot ni

Mrs. Vinares.

“Magkano?” Parang asong ulol kung umangil si Noel.

“L-limang daan.”

“Puwes, huwag n’yo siyang bayaran dahil isa siyang huwad. Peke!”

“Ginoo, napakatampalasan mo!” asik ni Manang Irena.

“Pero nakausap natin ang anak ko,” protesta ni Mrs. Paredes.

“Mommy, maniwala kayo sa akin,” baling niya sa biyenan, “hindi si Geraldine ang nakausap n’yo. Nagpapanggap lang ‘tong si Manang Irena.”

“Paanong—”

“Kailan pa ho ba naging ‘Dindin’ ang palayaw ni Geraldine?” tanong niya, sabay tapon ng matalim na tingin kay Manang Irena. “Hindi iyon ang tawag ko sa kanya at maski nga ibang mga kakilala’y ‘Dindi’ ang palayaw sa kanya.”

Pagsabi niyon ay pagalit niyang nilisan ang mga nakapaligid sa mesa.

Sa kanyang silid, sinalubong siya ng napakalamig na hangin. Kaagad na napadako ang kanyang paningin sa mga bintana at nakita niya, pawang sarado pa ang mga iyon.

Lumikmo siya sa kama at isinabunot ang mga daliri sa kanyang buhok.

Parang malalamig na kamay na naglakbay ang mala-yelong hangin sa kanyang katawan.

SA MAYNILA, kausap ni Gia si Vicky, ang mamamahayag na ilang araw nang nagsasasama sa grupo nila. Gusto siya nitong gawan ng feature article na separado pa sa gagawin niya sa grupo nila.

“Interesting kasi na nakukuha mong makipag-ugnayan sa mga sinasabi n’yong kaluluwang ligaw gayong ang mga kasama mo’y di magawa iyon,” anito.

“Iba-iba naman kasi ang kakayahan ng bawat miyembro namin,” tugon niya. “Ang iba’y mas epektibo sa mga lamang-lupa o elementals na tinatawag. Iyon bang mga duwende, kapre at kung anu-ano pa. Iyong iba nama’y nakakapag-astral travel. Ako naman ay iyong madaling makakuha ng vibration ng mga kaluluwa. Para kasi iyang radyo. Maski gustong magpakita o makipag-usap sa ’yo ang kaluluwa, kung hindi ka naka-tune in sa istasyon na iyo’y hindi mo siya makikita o maririnig.”

Kung anu-ano pa ang pinag-usapan nila bago nakontento si Vicky na may sapat na itong materyales

para sa isusulat nito.

ILANG ARAW MATAPOS mailabas sa pahayagan ang isinulat ni Vicky ay nakatanggap ito ng tawag buhat sa tiyahin.

“Hija, totoo ba ’tong mga isinulat mo?”  
paniniguro ni Mrs. Vinares.

“Auntie naman! Siyempre, totoo. Di sinisante na ako sa trabaho kung nag-imbento lang ako.”

“Yung grupong sinasabi mo, makakausap mo pa ba sila ulit?”

“Puwede ko hong tawagan ’yung leader nila.”

“Papayag kaya silang pumunta dito sa ’tin?”

“Tatanungin ko ho. Bakit ho ba? Inaatake na ba ang San Felipe ng mga multo?” natatawang tanong ni Vicky. Bihira itong umuwi sa probinsya kaya wala itong gaanong alam sa mga nangyayari sa bahay ng mga Vinares.

“Mahabang kuwento, Hija. Saka ko na isasalaysay sa ’yo ang lahat. Ang mahalaga’y makapunta ang grupong iyon dito sa ’tin. Tawagan mo agad ako kapag nakausap mo na sila, ha?”

“Okay, Auntie.”

“Salamat. Ikamusta mo na rin pala ako sa mommy mo kapag dumating na sila galing sa States.”

“Sure, Auntie. Kumusta rin kay Kuya Noel.”

Pagkababa ng telepono ay sumulyap sa orasan si Vicky. Maaga pa. Malamang ay gising pa si Mr. Romeo, naisip niya.

Matapos maghalughog sa drawer ay nahanap niya ang kanyang address book.

Inangat niya ang telepono at tinawagan ang numero ni Mr. Romeo. Sa kamalasan, wala ang lalaki at nasa ibang bansa raw para sa isang pagpupulong.

Ang numero ni Gia ang sumunod na hinanap ni Vicky.

## CHAPTER THREE

**A**ng orihinal na usapan ay sasama ang tatlo pang miyembro ng grupo sa San Felipe pero sa dakong huli, si Gia lang ang pumuwede dahil ang iba ay nagkaroon ng mahihigpit na kompromiso sa trabaho.

Ayaw na rin sana ng dalaga. Dapat kasi ay bilang isang grupo silang magsisikap na makipag-usap sa kaluluwa dahil kailangan niya ang psychic energy ng iba pa niyang kasama. Gusto ni Gia na ipagpaliban na lang nila ang lakad pero nakiusap si Vicky.

“Naku, naghi-hysterical na si Auntie nang sabihin kong i-postpone ang balak niya,” anito. “Maski ikaw na lang daw munang mag-isa ang isama ko. Baka naman daw magawan mo ng paraan para makausap mo na iyong kaluluwa ng manugang niya. Parang kasing... parang hindi na raw tatagal si Kuya Noel, eh. Baka raw magkasakit na.

“Kung puwede raw, mauna ka nang pumunta doon at hintayin na lang natin ang ibang mga kasama mo,” patuloy nito. “N-nahihiya nga ako sa ‘yo, eh. In-interview na nga kita, mapeperhuwisyo ka pa.”



“Huwag mong alalahanin iyon,” alo niya. “Gusto ko rin namang makatulong. Sige, subukan natin. Pero hindi ko magagarantyan na magiging epektibo ako, ha?”

“Paano ang trabaho mo?” nahihiyang tanong ni Vicky. Kung di nga lang ito nag-aalala sa tiya at sa pinsan ay hindi nito kukulitin nang ganoon si Gia.

“Puwede ‘yung remedyuhan.”

“Thank you. Thank you very much. Ipapasundo raw tayo ni Auntie sa sasakyan nila. Sabihin mo lang kung kelan ka puwede,” anito. “Handa rin daw siyang punan anumang income na mawawala sa ‘yo sa loob ng ilang araw na di mo pagtatrabaho.”

“Naku, hindi ako nagpapabayad! Naging patakaran na ng grupong huwag tumanggap ng pera galing sa mga natutulungan namin,” pagtangga niya. “Kung tungkol sa trabaho ang iniisip niya, puwede ko namang dalhin ang mga gawain ko sa San Felipe.”

Arkitekto ang dalaga pero hindi niya kailangang pumasok nang regular sa opisina. Sapat nang matapos niya ang mga dapat gawin sa takdang oras.

MADALING-ARAW nang lisanin nina Vicky at Gia ang Maynila, lulan ng kotseng ipinadala ni Mrs. Vinares sa driver nito. Mahaba ang biyahe kaya

maghahapon na nang dumating sila sa San Felipe.

“Ikaw pala si Gia. Maraming salamat at pinaunlakan mo ang imbitasyon ko,” salubong ni Mrs. Vinares sa kanya nang ipakilala siya ni Vicky sa tiyahin. “Alam mo, desperado na ako, Hija. Ayaw maniwala ni Noel sa mga medium na isinasama ko rito. Pulos huwad ang tingin niya sa mga ito. Pero sa ‘yo, siguro’y maniniwala na siya dahil iba ang sistema mo. Noong una ko pa lang mabasa ang sinulat nitong si Vicky, naisip kong ikaw na siguro ang makakatulong sa anak ko.”

“Hindi pa naman ho ‘yon sigurado. May mga pagkakataong di ako nagiging matagumpay sa pag-contact sa mga kaluluwa,” pauna ni Gia para huwag masyadong umasa ang matandang babae.

“Ay, naku! Ba’t nga ba tayo dito sa bakuran nag-uusap. Halina kayo, pasok,” anito nang mapunang naiinitan na sila sa sikat ng araw. “Bitoy, dalhin mo sa itaas ang mga bagahe nila,” utos nito sa driver.

Bumaling si Gia sa bahay. Hindi pa man siya nakakapasok ay nakakaramdam na siya ng enerhiyang nagmumula roon. Kung sino o ano ang pinagmumulan niyon, hindi niya masabi.

Lumang-luma na ang bahay. Tantiya niya ay

itinayo iyon noong panahon pa ng Kastila. At sa kanyang karanasan, kalimitan na ang mga bahay na ganoong katanda ay pinamamahayan na ng maraming kaluluwang hindi matahimik.

SA DAKO NG *HACIENDA VINARES* na kinaroroonan ng hayupan, natataranta na ang mga tauhan kay Noel.

“Bakit ganyan ang kuwadra? Ang dumi-dumi. Daig pa ang kulungan ng baboy. Ano’ng ginagawa n’yo maghapon? Nagkakamot ng tiyan? Hala, linisin ‘yan! Linisin!” singhal ng lalaki nang matawag ang pansin niya ng di-magandang amoy na nagmumula sa kulungan ng mga kabayo.

“Opo, Señorito, opo.” Nagkukumahog na nagsipasok sa kuwadra ang mga tauhan.

“Babalik ako sa loob ng beinte minutos at gusto ko, malinis na ‘yan. Kung di’y malilintikan kayong lahat sa ‘kin,” babala ni Noel bago muling sumakay sa *Nissan Terrano* para bisitahin ang iba pang bahagi ng hacienda.

“Grabe! Hindi ko na nakitang di nakasimangot si Señorito. Talaga bang ipinanganak na ‘yang ganyan kasungit?” komento ni Benjie, isa sa mga tauhang naglilinis ng kuwadra.

“Naku, hindi! Dati na siyang mahigpit, oo, pero hindi ganyang sobrang sungit at parating nakasinghal. Nagbago lang ‘yan mula nang mamatay si Ma’am Geraldine,” sagot ni Berto, isang mas matagal nang naninilbihan sa hacienda.

“Kuu! Kung di lang malaki ang utang ng loob nina Itay sa mga Vinales, lilipat na lang ako ng pagsisilbihan,” reklamo ni Benjie.

“Ako nama’y kontento rito. Sana nga lang ay mabawas-bawasan na ang kasungitan ni Señorito Noel. Dapat lang siguro’y umibig ulit ‘yan at nang lumambot ang puso.”

“Hoy! Tumigil na nga kayong dalawa sa kakasatsat diyan. Ang trabaho n’yo ang atupagin ninyo’t baka bumalik na si Señorito’y di pa tapos ang inuutos niya. Pare-pareho tayong malilintikan,” sita ni Mang Simon, ang tagapamahala sa kuwadra.

Bumalik nga sa loob ng itinakdang oras si Noel. Mabilis magtrabaho ang kanyang mga tauhan kaya wala na ni katiting na dumi ng hayop sa loob ng kuwadra nang makita niya iyon. Nabigyan na rin ng sariwang damong ngunguyain ang mga kabayo at may inumin na ang mga ito.

Wala ni isang kataga ng papuring naglandas sa bibig ni Noel. Tiim ang mga bagang na ininspeksyon

lang niya ang trabaho ng kanyang mga tauhan at pagkuwa'y umalis na.

“Napakalaking pagbabago talaga,” naiiling na usal ni Mang Simon.

TAPOS NANG LAHAT ang trabaho sa hacienda para sa araw na iyon. Puwedeng-puwede nang umuwi sa bahay si Noel. Pero ayaw pa niya dahil naaalala lang niya si Geraldine doon. Dalawang taon lang tumira roon ang asawa pero parang hindi na niya mailarawan sa sarili ang bahay na iyon nang wala ang babae roon.

Imbis na umuwi, tumuloy siya sa burol. Ipinarada niya ang sasakyan at tumunghay sa kadiliman. Pakiramdam niya ay kasindilim ng gabi ang kanyang hinaharap.

Matagal siyang nanatili sa burol kaya nang dumating siya sa bahay ay naghahapunan na ang kanyang mga dinatnan.

“O, Vicky, ano’ng balitang masasagap dito sa San Felipe’t naligaw ka?” bati niya sa pinsan.

“Wala, Kuya, nadalaw lang.” Hindi alam ni Vicky kung sasabihin nito ang tunay na dahilan ng pagpunta roon matapos ng mga ikinuwento ng tiya nito tungkol sa pananaw ng pinsan sa mga seance at

medium.

“Maglinis ka na ng sarili mo’t saluhan mo kami,” sabi ni Mrs. Vinares sa anak.

Tatalima na sana si Noel nang makita si Gia. “Hindi n’yo nasabing may dadating pala tayong bisita,” sabi niya sa ina. “Kaibigan mo?” baling niya kay Vicky.

“O-oo. Isa siyang—”

“Gia, ang anak ko, si Noel. Noel, si Gia,” singit ni Mrs. Vinares para hindi na maituloy ng pamangkin ang sasabihin. Gusto muna nitong magkaroon ng pag-kakataong ipaliwanag kay Noel ang tungkol kay Gia bago iyon malaman ng anak sa iba. “Hijo, naghihintay ang pagkain. Sulong na.”

Hindi naman nagawang magsalita ni Gia. Sensitibo siya, hindi lang sa mga kaluluwa, kundi pati na rin sa nadarama ng mga taong buhay. Nabasa niya kaagad ang naghalong lungkot at galit sa kalooban ni Noel.

Pero hindi lang iyon ang dahilan kung bakit parang naiwan niya sa Maynila ang kanyang dila. Sa kaanyuan ni Noel ay nagkaroon ng buhay ang mga pisikal na katangian ng isang lalaking madalas maglaro sa kanyang imahinasyon.

“MAY SINASABI KA KANINA tungkol sa kasama mo. Isa siyang ano?” tanong ni Noel kay Vicky nang makabalik ito sa hapag-kainan.

“K-kuwan... umm...” Sumulyap si Vicky sa tiyahin na parang humihingi ng tulong.

“Mamaya na ang pakilalanan. Kain na, Hijo,” salo ni Mrs. Vinares.

Ngumiti ang lalaki at umupo sa silyang nakalaan para rito. Pagkuwa’y saka ito bumaling kay Gia. “Isa kang ano?” tanong nito.

Nagsimula nang mairita ang dalaga. Bakit ba patuloy na ikakaila ang tungkol sa pakay niya gayong patuloy na nangungulit ang lalaki? “Isa akong arkitekto pero nagagawa ko ring makipag-ugnayan sa mga taong pumanaw na,” patag ang tinig na sabi niya.

“Ano? Na naman!” Naibagsak ni Noel sa mesa ang isang kamay, dahilan para kumalabog ang mga kubyertos at pinggan. “Ma, ano ba naman ‘to? Hindi pa ba kayo nagsawa sa mga peke at manlilinlang na—”

“Excuse me, hindi ako peke o manlilinlang,” pakli ni Gia.

“Talaga? Mabuti naman pala kung ganoon. Nagpapasalamat ako sa busilak mong puso na

nagtulak sa 'yong maglakbay ng kung ilang kilometro para marating ang liblib naming kanayunan para tulungan kami," sarkastikong sabi nito.

"Noel, tama na 'yan," matigas ang tinig na utos ni Mrs. Vinales.

Hindi na kumibo ang lalaki. Pinalaki ito sa kaugaliang hindi dapat nakikipag-away sa harap ng pagkain kaya hindi na ito nangatuwiran sa ina. Pero bilang tanda ng protesta ay hindi na rin nito binigyan ng pansin si Gia. Kumilos ito na parang ang pinsan at ina lang ang kasalo sa hapag-kainan.

Sa bawat sandali na lumilipas ay umaakyat ng ilang antas ang pagngingitngit ni Gia. *Ito ba? Ito ba ang lalaking kinaawaan ko? Aba'y malaking suwerte nga yata ni Geraldine at namatay na siya. Baka gusto niyang magpasalamat kaya di siya matahimik, sa loob-loob niya.*

"Pauunahan ko lang kayo. Kung anuman ang binabalak ninyong gawin ay huwag n'yo 'kong maisali-sali. Wala akong panahon sa mga bagay na walang kawawaan," sabi ni Noel nang tapos na silang kumain.

May bahid ng panlalait ang tinging ipinataw nito kay Gia bago ito tumayo at lumabas ng komedor.

"Ako na ang hihingi ng paumanhin para sa anak ko," kaagad na sabi ni Mrs. Vinales. "Hindi naman



talaga—”

Hinawakan niya ang isang kamay ng matanda. “Naiintindihan ko ho,” sabi niya maski sa totoo ay gusto na niyang pilipitin ang leeg ng anak nito. “Pipilitin kong matapos agad ang dapat kong gawin dito at nang di siya masyadong mainis.”

MALALIM NA ANG GABI. Matagal nang nagsipasok sa kani-kanyang mga silid ang mga nakatira sa lumang bahay.

Sa kuwarta ni Noel, tahimik na nagbabasa ang lalaki nang biglang mamatay ang ilaw.

“Peste!” bulalas niya at saka tumayo. Kalimitan, ang pagputok ng fuse ang sanhi ng pagkawala ng kuryente sa bahay nila kaya bumangon siya para puntahan ang circuit breaker.

Pero hindi pa siya nakakalapit sa pintuan ay natigilan na siya. Doon, sa isang sulok ng silid ay may naaaninag siyang puting usok. Parang... parang hugis-tao.

“Noel....” pagtawag ng kung sino sa kanyang pangalan. Hindi niya iyon derechahang narinig; parang nasa isip lang niya iyon. Pero sigurado siya, may nagsalita.

“Noel....” Nang maulit ang pagtawag sa kanya

ay nakilala niya ang tinig. Boses iyon ni Geraldine. Diyata't...

"Hindi!" Ipinilig niya ang ulo. *Nahahawa na ako sa mga kabulastugan nila!* sita niya sa sarili at saka matatag ang mga hakbang na lumabas ng kuwarto para puntahan ang circuit breaker na nasa kusina.

SAMANTALA, patulog na si Gia nang maramdaman ang banayad na pagdantay ng isang malambot na kamay sa kanyang noo. May humaplos sa kanya!

Napabalikwas siya, kinabahan na baka may masamang-loob na nakapasok sa bahay ng mga Vinales at nasa loob ito ng kuwartong ipinagamit sa kanya.

Kumakabog ang dibdib na inaninag niya ang kadiliman. Wala siyang makita kundi ang madidilim na hugis na likha ng mga anino. Nakaramdam siya ng panunuyo ng lalamunan. Tumayo siya at kinalabit ang sindihan ng ilaw.

Nang magliwanag ang paligid ay saka siya nakatiyak na nag-iisa lang siya sa silid.

*Nanaginip ka lang, Hija,* sabi niya sa sarili at inapuhap ang switch para patayin na ulit ang ilaw. Ngunit bago pa maabot iyon ay biglang nagdilim ang

silid.

Gusto niyang malaman kung ano talaga ang nangyayari kaya lumabas siya ng kuwarto.

Madilim din ang pasilyo. Hindi niya alam kung saan ang sindihan ng ilaw kaya nagtiyaga siyang maglakad sa dilim. Malapit na siya sa puno ng hagdan nang makarinig siya ng langitngit. Natigil siya, nakiramdam.

Walang duda, may naglalakad sa pasilyo.

Sa buhay siya takot, hindi sa patay, kaya ninais niyang masiguro kung ano ang may likha ng tunog. Buhay ba o patay? Tahimik niyang hinanap ang pinagmumulan niyon.

Nagsimula siyang bumaba sa hagdan. Dahil madilim, hindi niya napansin ang nakaangat na bahagi ng malapad na baitang. Napatid siya at pagulung-gulong na nahulog.

“ANAK NG—” Isang mapaklang salita ang naibulalas ni Noel nang mabundol ito ng gumugulong na katawan.

Sinikap niyang saluhin ang dalaga pero hustong nahagip lang niya ang damit nito. Hindi niya ito nahawakang mabuti kaya hindi niya napigilan ang pagkalaglag nito. Dahil naman sa pagkakabangga

sa kanya, nawalan siya ng panimbang. Kumilos ang isang kamay niya para hagilapin ang balustre pero huli na. Nahulog na rin siya.

Isang malambot na katawan ang kanyang nabagsakan.

“Nasaktan ka ba?” nag-aalala niyang tanong kapagdaka.

“H-hindi naman. Pero makakatulong nang malaki kung aalis ka diyan. Hindi ako makahinga, eh,” sumisikdo ang dibdib na sagot ni Gia.

Noon lang naalala ni Noel na nakapatong nga pala siya sa dalaga. Kumilos siya para tumayo at sa pagkilos na iyon ay natuklasan niyang magkalapit na magkalapit pala ang mga mukha nila nito. Parang pusang napasos, mabilis siyang bumangon.

“Ano ba kasi ang ginagawa mo? Bakit ka naglalakad sa dilim?” masungit niyang tanong.

“Eh, ikaw? Ano’ng ginagawa mo? Naglalakad ka rin sa dilim, eh.” Nakaupo pa rin si Gia at pinakikiramdaman kung ano ang masakit sa kanya.

“Nawalan ng kuryente. Pupuntahan ko ang circuit breaker. Pumutok siguro ang fuse.”

Habang nagsasalita ang lalaki ay biglang nasindiha ang ilaw sa hagdan.

“Ano’ng nangyari? May narinig akong kalabog,”

narinig nilang usisa ni Mrs. Vinares.

Nasusulo sa liwanag si Noel pero napatingin pa rin siya sa ilaw. Nagtaka siya. Kung pumutok ang fuse, dapat ay walang kuryente sa buong kabahayan.

Nagkatinginan sila ni Gia. Pareho ang nasa isip nila.

Bigla siyang may naalala. “Iba ang fuse para sa kuryenteng dumadaloy sa itaas at iba ang para sa ibaba. Baka ang para sa itaas lang ang pumutok,” sabi niya sa dalaga. “Kung walang napinsala sa iyo’y umakyat ka na. Mayamaya lang ay magkakailaw na doon.”

“Ano ba’ng nangyari?” tanong na naman ni Mrs. Vinares sa dalawa.

Nagpaliwanag ni Noel.

“Ba’t sa kuwarto ko’y may ilaw?” takang tanong ng matanda.

“Ewan ko ho. Baka magkaiba ang koneksyon. Sige ho, matulog na kayo’t ako na’ng bahala rito.”

“Halika na, Hija. Hayaan mo na si Noel diyan. Hindi ka ba napaano?” nag-aalala nitong tanong sa dalaga.

Umiling si Gia at umakyat na ng hagdan. Pagpasok niya sa silid, awtomatikong kinapa niya ang switch at pinindot iyon. Nagulat pa siya nang

magliwanag ang silid. Kung fuse man ang dahilan ng pagkawala ng kuryente sa kuwarto niya kanina, imposibleng naayos na iyon kaagad ni Noel, naisip niya.